Dahong Dagdag

Manwal ng Serbisyo para sa Impormasyong Pang-Edukasyon

Gabay sa pag-access ng impormasyong pang-edukasyon sa pamamagitan ng paggamit ng tungkuling pagsasalin ng Chrome browser

Tingnan ang pantahanang pahayagang palihan at gabay na inisyu ng tanggapan ng edukasyon o paaralan sa maraming wika.

Paggamit ng Sistema ng Pagsasalin sa Pamamagitan ng Desktop na Computer

1. Umpisahan sa Pamamagitan ng Pagbukas ng Chrome.

- Kapag naka-install na ang Chrome sa inyong desktop, pumunta na sa number 2 na proseso.

01 Sa inyong internet browser bar, i-type ang google.com katulad ng nasa larawan.

02 Pagkabukas ng Google, tignan ang kanang taas na bahagi, i-click ang ⠿ at ang .

03 I-download ang Chrome katulad ng nasa larawan (Gawin hanggang sa open file.).



Maaaring iba ang kinalalagyan ng 'open file', depende sa browser, kung kaya't tignang maigi kung nasaan ito.

04 Ang ibig sabihin ng larawan ay nasa proseso na ang pag-install ng Chrome.



05 Pag nakita na itong larawan, ibig sabihin ay installation complete na ang Chrome.



2. Pag-set up ng Chrome Translation

- Base po ito sa Hangeul Version Chrome (v.106).
- Kapag may nakita na kayong ganitong translation icon ( ) a linya ng browser bar, maaari ng pumunta sa number 3 na proseso.

1. Pagbukas ng Chrome

- Sa inyong desktop, makikita ninyo ang Chrome icon ( ) . I-double click ito.



2. Proseso ng pagbubukas ng translation icon ( ).

- Mag-open ng kahit anong website o homepage at pagkatapos ay i-right click ang mouse para lumabas ang'translation'na salita katulad ng sa larawan. I-click ito.

- Siguraduhing pag nag-right click ay sa parte na walang picture o text.
- Maaaring ibang salita ang lalabas sa inyong computer, depende sa setting ninyo.
- Pagka-click ninyo ng katulad ng nasa itaas na larawan, lalabas na ang translation icon katulad ng nasa babang larawan.



3. Pagpapalit ng language setting

01 I-click ang'option'(binilugan sa larawan) at lalabas ang menu ng pagpalit ng setting sa lenggwaheng gustong gamitin.

02 Pagkatapos mapili ang lenggwaheng gustong gamitin sa pag-translate, pindutin ang salitang katumbas ng 'finish' button.



4. Pagcheck sa settings (Translation Options for Pages in This Language)

01 Balikan po ninyo ang icon na may tatlong tuldok (⋮) sa kanang taas ng in-open na site. Pagkatapos ay i-scroll pababa at hanapin ang settings sa menu at i-click ito.



02 Hanapin ang'language'na setting at i-check kung naka-activate ang parteng katumbas 'Use of Google translation' katulad ng larawan.

Kapag hindi naka-activate ang nasabing option, hindi rin makikita ang translation icon ( ) sa kanang taas ng site na binuksan.

03 Sa Korean na langauge setting, siguraduhin na naka-set ito sa salitang katumbas ng 'Provision of translation options for pages in this language'. I-click ang icon na may tatlong tuldok ( ) at i-click ang 'Provision of translation options for pages in this language' katulad ng sa larawan.

Tignan ang piniling lenggwahe na gagamitin sa pag-translate ng teksto. Kung walang nalakagay sa ilalim nito na salitang katumbas ng "isasalin ang ang page na ito sa lenggwaheng ito', pumunta sa number 3 para i-check.

04 Kapag nai-set ng tama ang lahat, makikita ang dalawang lenggwaheng sinet sa kanang taas ng kahit anong bubuksan na site.

3. Paggamit ng Sistema ng Translation

1. 1. Pagpasok Sa Anumang Homepage o Website

- I-search ang site o homepage na papasukan o maaari ring mismong i-type ang page address ng site na papasukan kung alam ito.



2. Pag-activate ng translation program sa binuksang Homepage o Website

- Sa kanang taas ng in-open na site, makikita ang translation icon ( ). I-click ito at pagkatapos ay i-click din ang lenggwaheng pagsasalinan.

Sakaling hindi makita ang translation icon ( ), i-right click ang parte na walang teskto at hanapin sa lalabas na menu ang salitang katumbas ng 'translate to another language'.

Kung hindi text at nasa loob ng picture ang gustong itranslate, hindi ito maisasalin.

TIP

Kapag kagustuhang i-translate ang text na naka-Korean sa lenggwaheng inyong napili

i-click ang translation icon ( ), pagkatapos ay ang settings (⋮) at hanapin ang salitang katumbas ng 'Always Translate Korean text'.

(Kapag in-activate ninyo ang translation program, kahit na hindi ipindot ang translation icon ay kusa itong magta-translate ng mga teksto.)



Sa unang site na inyong papasukan ay maaaring hindi naka-activate ang translation program, kung kaya't kahit sa anong website o homepage kayo pumasok.

3. Pagta-translate ng naka-attach na file (Sa mga homepage o website na walang program sa paga-translate ng attached files, hindi maaring gamitin ang sistemang ito.)

01 Pagpasok sa homepage o site na napili, hanapin ang title ng gustong isalin at makikita ang attached file.



Halos lahat ng site ng mga eskwelahan o institusyon ay may program ng pagsasalin para sa mga naka-attach na document o file. Sa tabi ng attached file name ay kita ang salitang katumbas ng 'see document'. Pagka-click nito, mag-aappear ang document at maaari nyo na itong i-translate gamit ang translation icon.

02 Tandaan na i-click ang salitang katumbas ng'see document'.

Maaaring iba ang salitang lalabas para sa 'see document'. (Halimbawa: see document, drawing ng magnifying glass, shortcut to see document)

03 I-click ang translation icon sa kanang taas at i-click din kung anong lenggwahe ninyo gustong isalin ang document.



Kapag ang naka-attach na file ay PDF, hindi ninyo ito maisasalin katulad ng images.

Paggamit ng Sistema ng Pagsasalin sa Pamamagitan ng Cellphone

1. Umpisahan sa Pamamagitan ng Pagbukas ng Chrome.

- Kapag naka-install na ang Chrome sa inyong cellphone, pumunta na sa bilang 2 na proseso.

Android/ Samsung Cellphone

I-type ang Chrome sa search bar, i-install ito at i-open.
(Kadalasan, sa mga Andriod/Samsung na cellphone, naka-install na ang Chrome.)



Sakaling hindi automatic na naka-install ang chrome sa cellphone ninyo, i-install ito.

I-phone/ Apple Cellphone

Sa App Store ay i-type ang Google Chrome at i-download ito.



Tandaan na ang ida-download ay Google Chrome at hindi Google app.

2. Pag-set up ng Chrome Translation

Android/
Samsung
Cellphone

1. Pag-activate ng Google Chrome

- Hanapin ang Chrome icon ( ) sa mga application na nadownload sa cellphone at i-click ito para mabuksan.

2. Pag-activate ng translation program

01 Sa kanang taas ng inopen na google chrome application, hanapin at pindutin ang icon na may tatlong tuldok. ( )



02 May lalabas na menu. Pindutin ang settings.



03 Hanapin ang salitang katumbas ng 'languages' at pindutin ito.

04 Hanapin ang menu na katumbas ng 'advanced' at i-click ito.

05 Sa lalabas na menu, hanapin ang salitang katumbas ng 'translate into this language'at hanapin ang lenggwahe na gustong gamitin na pagsasalinan ng teksto.



06 Para sa mga hindi na kailangang isalin na mga teksto
Pindutin ang salitang katumbas ng 'Don't offer to translate these languages' at ilagay ang lenggwahe na hindi na kailangan ng additional translation para sa inyo. Kung may Korean na nakalagay ay i-delete ito dahil nasa menu ito ng kailangang isalin. Pagkatapos ay i-back arrow lahat hanggang sa makapunta ng Google Main.

3. Paggamit ng Translation Program

- Pumasok sa homepage o website na gustong mai-translate, at hanapin ang tatlong tuldok na icon at sa lalabas na menu ay hanapin ang 'translate'.



TIP

Kapag gustong lagi at automatic na naka-translate ang mga salitang naka-Korean

Hanapin ang icon na may tatlong tuldok (⋮) sa kanang taas → settings (⚙) → languages

Hanapin at i-click ang menu na 'advanced', at i-click ang salitang katumbas ng 'automatically translate these languages. Pagkatapos ay sa 'add language', ilagay ang Korean.



Kapag in-activate ang setting na ito, automatic na na naka-translate ito lagi.

I-phone/
Apple
Cellphone

1. Pag-activate ng Google Chrome

- Hanapin ang Chrome icon( ) sa mga application na nadownload sa cp at i-click ito.

2. Pag-activate ng translation program

01 Pumasok sa gustong site at i-pindot ng icon na may tatlong tuldok (•••) sa kanang taas.



02 Hanapin ang salitang katumbas ng 'translate'.

Sa unang site na papasukan ay naka-activate ang translation, kung kaya't i-erase ang url ng site sa taas at pumasok muli sa ibang site.

03 Pag-check kung naka-activate ang translation program

3. Settings ng Pagsasalin o Translation Program

01 I-pindot ang icon ng settings (⚙). (Kung sakaling hindi mahanap ang icon ng settings, hanapin ang translation icon (G文), I-click ito at makikita ang icon ng settings (⚙). I-click din ito.

02 I-click ang menu na may salitang katumbas ng 'receiver'.

03 I-click ang lenggwahe na gustong pagsalinan ng teksto.

04 I-click ang salitang katumbas ng 'translate'.

TIP

Kapag gustong lagi at automatic na naka-translate ang mga salitang naka-Korean

I-pindot ang translation icon ( ), pagkatapos ay ang settings icon ( ), at i-click din ang salitang katumbas ng 'Always translate Korean text'.

Tandaan | Kapag hindi lumalabas ang translation icon ( )

01 I-click ang nasa kanang taas na tatlong tuldok (•••).

02 Sa lalabas na menu, i-click ang settings icon.



03 I-pindot ang 'language' menu.

04 I-check kung naka-activate ang translation option ng Korean katulad ng nasa larawan at maaari na ninyong gamiti n ng translation program.